Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Setyembre 9, 2024

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 375, s. 2024

**ADAPTASYON NG GABAY SA PAGBIBIGAY NG REMIDIYASYON SA FILIPINO SA PANAHON NG TRANSISYON**

Sa mga: Katuwang ng Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Koordineytor sa Pagbasa
Puno ng mga Paaralang Sekundarya
Sa iba pang kinauukulan

1. Bilang suporta sa mga programa ng Kagawaran ng Edukasyon sa Pagbasa ang lahat ng paaralang Sekundarya ay kailangang gamitin ang mga Hakbangin sa pagbibigay ng Remidiyasyon/Interbensyon sa Filipino sa Pagbasa mula Baitang 7 hanggang Baitang 10 ,alinsunod din sa Memorandum Pansangay Blg. 329 s. 2024.

2. Ang layunin ng ng adaptasyon ng gabay ay ang sumusunod:

   a. mapahusay ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbasa at pagsulat at
   b. matulungan ang mga bagong guro sa Sangay ng Bulacan na mas maging madali ang proseso ng pagbibigay ng remidiyasyon/interbensyon sa tulong ng gabay

3. Ang adaptasyon ng Kagawaran ay i-momonitor ng Tagamasid Pansangay sa Filipino upang masubaybayan ang paraan ng pagpapatupad ng bawat paaralan para sa ganap na pag-unlad sa pagbasa at pagkatuto ng mag-aaral.

4. Kalakip ng memorandum na ito ang pangkalahatang tuntunin sa pagsasakatuparan ng gawaing ito..

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph

Enklosyur Bilang 1 mula sa Memorandum Pansangay Bilang 375

## PANGKALAHATANG TUNTUNIN SA ADAPTASYON NG GABAY SA PAGBIBIGAY NG REMIDIYASYON SA FILIPINO SA PANAHON NG TRANSISYON

1. Ang lahat ng Paaralang Sekundarya ay inaasahang gagamitin ang gabay sa pagpapaunlad sa pagbasa ng mag-aaral.

2. Ang Tagamasid Pansangay ay magsasagawa ng Oryentasyon sa mga Punong Guro at Koordinator sa Pagbasa sa ika – 13 ng Setyembre 2024, 3:00 ng hapon gamit ang google meet. Ang Oryentasyon ay kapapalooban ng Pagkilala sa Gabay na akda nina Shirley Pinolio at Angelita Bartolome ng Parada National High School na itinanghal na pinakamahusay na Research sa Regional Level.

3. Ang kakailanganing basikong datos ay ang Pre-Test ng Phil-IRI sa taong kasalukuyan.

4. Ang Tanggapang Pansangay ay mag-uupload ng google drive para sa resulta ng Phil-IRI sa mga GC ng Departamento ng Pang-Ulong Guro at Punong Guro.

5. Ipasusumite ng Tagamasid Pansangay ang resulta at analisis ng Post Test ng Phil-IRI upang magamit sa mga susunod na planong proyekto sa Filipino.